


Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN II



MODYUL 13

Edukasyon sa Asya



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City



MODYUL 13

EDUKASYON SA ASYA






Ang edukasyon ay daan sa kaunlaran. Nagbibigay-daan ito sa pagkakataong makapamili ang isang tao. Binubuksan din nito ang pinto tungo sa iba't ibang opurtunidad para sa mga nagsumikap na makatapos ng kanilang pag-aaral. Sa pamamagitan ng magandang edukasyon, ang suliranin ng kahirapan, sakit at karamdaman ay unti-unting nababawasan. Kasabay nito, ang mga mamamayan ay nagkakaroon ng mas malakas na tinig sa lipunan kung sila ay may sapat na edukasyon. Ang mga bansang may mataas na populasyon ng may pinag-aralang mamamayan ay may mas mahusay na lakas paggawa. Ang mga matatalino at mahuhusay na mamamayan ay nagkakaroon ng kakayanan na makipagkompetensiya kundi man ay makipag-ugnayan sa iba pang mga mamamayan sa iba't ibang bansa sa ating mundo. Ang edukasyon din ay nagbibigay ng opurtunidad upang tayo ay magkaroon ng panlipunan at pangkabuhayang kaunlaran.

Sa komperensya noong 1990 ng Education for All (EFA), napagkaisahan ng mga dumalo na pagsapit ng taon 2000, lahat ng mga kabataang nasa gulang ay tapos na ng mababang paaralan. Ngunit noong taong 2000, 104 milyon na kabataan na nasa edad ang hindi pa rin nakapag-aral, 57% rito ay mga kabataang babae at 97% ay nagmumula sa papaunlad pa lamang na mga bansa--karamihan sa Timog Asya at sa Sub-Saharan Africa. Ang ibinigay ng UN sa kanilang Millennium Development goals ay mas makatotohanan bagamat mahirap din naman—na pagsapit ng taong 2015 ang lahat ng mga bata sa lahat ng panig ng mundo ay dapat na nakatapos na ng buong kurso ng mababang paaralan o edukasyong primarya (primary education) o elementarya.



May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Mga Anak ni Confucius – Edukasyon sa Asya Hango sa UNESCO – Courier April 1996 ni Zhao Nangzhao
-  Aralin 2: Katayuan ng Edukasyon sa Asya
-  Aralin 3: Antas ng Karunungan sa mga Bansang Asyano



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang impluwensya ni Confucius sa ilang pangunahing aspeto ng edukasyon sa Asya;
2. Matutukoy ang ilang paglalarawang binigay ni Confucius sa edukasyon sa Asya;
3. Maiisa-isa ang mga natatanging gawi sa larangan ng edukasyon ng mga bansang Asyano;
4. Mailalarawan ang mga gawing ito sa pamamagitan ng mga tiyak na halimbawa;
5. Mabibigyang kahulugan ang antas ng karunungan bilang isang pangunahing batayan sa pagkilala sa isang bansa; at
6. Mapapatunayan na may kaugnayan ang pondong inilalaan ng pamahalaan sa magiging antas ng karunungan ng mga mamamayan nito.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang edukasyon ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mamamayan na:
 - A. umunlad
 - B. magkaroon ng trabaho
 - C. makapaglakbay
 - D. lahat ng nabanggit

2. Sa taong ito ginanap ang komperensiya para sa Education for All.
 - A. 1990
 - B. 1991
 - C. 1992
 - D. 1993

3. Ayon sa Komperensiyang ito, pagsapit ng taong 2000 lahat ng mga kabataang nasa tamang gulang ay:
 - A. tapos na sa kolehiyo
 - B. tapos na sa antas sekondarya
 - C. tapos na sa mababang paaralan
 - D. nakapag-enrol na sa mga paaralan

4. Pagsapit ng taong 2000, 104 milyon na kabataan pa rin ang hindi nakapag-aral mula sa mga bansa sa Asya at:
 - A. Sub-Saharan Africa
 - B. Europa
 - C. Amerika
 - D. Australia

5. Ayon sa UN Millenium Development goals, inaasahang tapos na lahat ng kabataang nasa gulang ng elementarya pagsapit ng:

- A. 2010
- B. 2015
- C. 2020
- D. 2025

6. Si Confucius ay isang pilosopo mula sa:

- A. Korea
- B. India
- C. Hapon
- D. Tsina

7. Sina Mahatma Gandhi at Rabindranath Tagore na nagsulat ng pagpapahalaga ng mga Asyano sa edukasyon ay kapwa galing sa:

- A. India
- B. Tsina
- C. Hapon
- D. Korea

8. Isa dito ay hindi paglalarawan ni Confucius sa sistema ng edukasyon sa Asya:

- A. Ginagamit ng teknolohiya
- B. Pagsasama-sama o collectivism
- C. Ispiritwal na pag-unlad
- D. Kabutihang asal

9. Mga bilang ng mag-aaral na di tinatapos ang panuruang taon:

- A. Cohort survival rate
- B. Drop-out rate
- C. Rate of repeaters
- D. Rate of out of school youth

10. Mga bilang ng mag-aaral na di nakakatapos ng kani-kanilang programa tulad ng elementarya, sekondarya, at kolehiyo:

- A. Drop-out rate
- B. Out of school youth
- C. Cohort survival rate
- D. Rate of repeaters

11. Ang wikang panturo sa karaniwan ng paaralang elementarya sa Singapore ay:

- A. Ingles
- B. Cantonese
- C. Portugese
- D. Spanish

12. May kakulangan ng paaralan sa Bhutan dahil sa:

- A. Walang nagtatayo ng mga paaralan.
- B. Bulubundukin ang kabuuan ng bansa.
- C. Walang guro na gustong magturo.
- D. Kulang sa pondo.

13. Noong 1970 sa tulong ng UNICEF nagkaroon ng mga materyales upang magamit sa pagtatayo ng paaralan sa:

- A. Taiwan
- B. Philippines
- C. Bhutan
- D. Nepal

14. Karaniwang suliranin kapag bago ang kurikulum ay:

- A. kakulangan ng impormasyon tungkol dito
- B. ayaw ng mga magulang
- C. tutol ang mga guro
- D. walang materyales

15. Kakayahan ng mga taong magsulat at magbasa.

- A. antas ng kamuwangan
- B. lebel ng katalinuhan
- C. grado ng IQ
- D. bahagdan ng EQ

16. Ang lahat ng mga bansang ito ay nakapag-tala ng 99% ng karunungan maliban sa isa:

- A. Japan
- B. South Korea
- C. Georgia
- D. America

17. Ang nakapagtala ng pinakamababang antas ng karunungan:

- A. Xenon
- B. Pakistan
- C. Nepal
- D. Saudi Arabia

ARALIN 1

MGA ANAK NI CONFUCIUS – EDUKASYON SA ASYA

HANGO SA UNESCO-COURIER APRIL 1996

NI ZHON NANZHAO



Maraming mga pilosopo ang nagbahagi ng kani-kanilang pananaw sa larangan ng edukasyon. Karamihan sa mga pananaw na ito ay nagsilbing gabay di lamang sa mga karaniwang tao kundi maging sa nagpaplano at gumagawa ng mga kurikulum. Isa rin ito sa mga isinasaalang-alang ng mga mambabatas kung sila ay gagawa ng mga batas na may kinalaman sa edukasyon. Isa sa mga pangunahing pilosopo na may naging malaking bahagi sa larangan ng edukasyon sa Asya ay si Confucius.




Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

- 1) Maipaliliwanag ang impluwensya ni Confucius sa ilang pangunahing aspeto ng edukasyon sa Asya; at
- 2) Matutukoy ang ilang paglalarawang binigay ni Confucius sa edukasyon sa Asya.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Kilala mo ba si Confucius? Isulat ang mga konseptong maiuugnay mo sa kanya.



May pangunahing bahagi ang edukasyon sa kultura at tradisyon ng mga Asyano. Sa Asya malaki ang pagpapahalaga ng mga tao sa edukasyon. Si Confucius bilang pangunahing pilosopo sa China ay naniniwala na ang mga tao ay napapagaling at napapahusay sa pamamagitan ng wastong pag-aaral. Binigyan-diin niya ang kapangyarihan ng edukasyon na mapabuti ang lipunan at ang maituro ang mabuting pagkamamamayan. Sa lumipas na mga siglo, ang edukasyon ay naging pundasyon sa pampulitika, panlipunan, pangkabuhayan at pangkulturang pamumuhay ng mga Asyano.

Binigyan-diing din ang pagtuturo ng edukasyong pagpapahalaga o values education. Karamihan sa mga magulang ay handang tiisin ang hirap ng pagkita ng pera mapag-aral lang ang kanilang mga anak. Naniniwala sila na ito ay pinakamabisang paraan upang matakasan ang kahirapan. Maraming kwento ng mga ina sa iba't-ibang panig ng Asya ang naging testimonya sa pagpapahalagang ito sa edukasyon tulad ng isang Haponesang ina na naniniwala na ang pangunahin niyang gawain ay turuan ang kanyang anak ganun din ang isang inang Tsina na sa mahabang panahon ay nagtiis na pumasok sa malayong lugar upang maituro ang kanyang natutunan sa kanyang anak na may kapansanan, gayundin ang kwento ng isang inang Koreana na napilitang ibenta ang alagang baka matustusan lang ang pag-aaral ng anak. Ang mga kwentong ito ay di bago sa mga Pilipino sapagkat ganito din kalaki ang pagpapahalaga natin sa edukasyon. Ilan sa mga isinulat ni Mahatma Ghandi at Rabindranath Tagore ng India ay nagpatotoo rin sa pagpapahalagang ito ng mga Asyano sa edukasyon.

Kung kaya't di kataka-taka na malaki ang inaasahan ng mga Asyanong magulang at mga guro sa mga kabataan. Maraming pag-aaral ang nagpapakita na ang paniniwalang ito ng mga magulang kasama ang mataas na uri ng kurikulum, mahabang oras sa pag-aaral, masususing paghubog ng mga intelektwal na kakayahan, pagsuporta ng mga magulang, at mabuting ugnayan ng mga guro at mag-aaral ay mga salik sa ikatatagumpay ng mga mag-aaral kung kaya't batid natin na mataas din ang antas ng karunungan ng mga Asyanong mamamayan.

Ilan sa mga paglalarawan na binigay ni Confucius sa sistema ng edukasyon sa Asya ay ang mga sumusunod:

1. pagsasama-sama o COLLECTIVISM

Ito marahil ang dahilan kung bakit malaking bahagi ng edukasyon sa Asya ay nakatuon sa paghubog ng mga mamamayan upang maging mabuting kasapi di lamang ng kani-kanilang pamilya kundi maging sa lipunan na kanyang kinabibilangan.

2. ispiritwal na pag-unlad

Kapuna-puna ang pagbibigay-diin sa mga paaralan ng wastong pag-uugali at pagkilala sa Dakilang Lumikha. Karamihan sa mga aralin ay naglalayon na hubugin ang mabuting pagkatao ng mga mag-aaral.

3. kabutihang asal

Ayon kay Confucius, ang edukasyon ay dapat na nagbibigay sa tao ng kabutihang-asal. Para sa kanya, ang mga iilang tao na magkakaroon ng pagkakataong mamuno ay dapat na matutong mangalaga ng mga tao at ang mga nasasakupan naman ay dapat na maging masunurin sa mga namumuno. Ito ang dapat na mangyari upang maging maayos ang lipunan. Katulad din ito ng kapangyarihan ng magulang sa tahanan at mga guro sa paaralan.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Patunayan na malaki ang pagpapahalaga ng mga Asyano sa edukasyon.



Tandaan Mo!

- Malaki ang bahagi ng mga aral ni Confucius sa sistema ng edukasyon sa Asya.
- Ayon kay Confucius, ang sistema ng edukasyon sa Asya ay nagbibigay-diin sa:
 - pagsasama-sama o collectivism
 - ispiritwal na pag-unlad
 - kabutihang-asal



Gawain 3: Paglalapat

Sumulat ng sanaysay tungkol sa paksang ito:

Hindi sagabal ang kahirapan sa pagtatamo ng wastong edukasyon.

ARALIN 2

KATAYUAN NG EDUKASYON SA ASYA



Hindi ganoon kadali na ikumpara ang gastusin ng sektor ng edukasyon sa Asya at sa iba pang panig ng mundo tulad ng Europa. Higit na mas mataas ang pagbubuwis na isinasagawa ng mga bansang nasa Europa kaysa sa mga Asyanong bansa. Ang mga kinokolektang buwis na ito ang pangunahing pinagkukunan ng pondo para sa mga paaralan. Kaunting bansa lamang sa Asya ang may kakayahang magbigay ng libreng edukasyon sa mataas na paaralan lalo na sa kolehiyo. Bagamat sa gitna ng ganitong sitwasyon kung saan may kakulangan sa pondo ng edukasyon, nakakatuwang malaman na maraming pag-aaral o pagsasaliksik na naisagawa sa iba't-ibang pribadong organisasyon ay nagpapatunay na maraming mag-aaral sa mga bansang Asyano ang may mataas na antas ng karunungan sa lebel ng elementarya at sekundarya.



Matapos ang araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maiisa-isa ang mga natatanging gawi sa larangan ng edukasyon ng mga bansang Asyano; at
2. Mailalarawan ang mga gawing ito sa pamamagitan ng mga tiyak na halimbawa.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Itala ang ilan sa mga suliranin na may kinalaman sa edukasyon.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

Ilang Natatanging Gawi sa Larangan ng Edukasyon ng mga Bansang Asyano

A. Pagmonitor sa Larangan ng Edukasyon

Karamihan sa mga pamahalaang Asyano ay regular na nagsasagawa ng pagmonitor sa bilang ng nagpapatala sa pagpasok sa mga paaralang elementarya at sekondarya. Bagamat ang mga bilang na ito ay di tiyak, ito ay mabisang basehan ng pagpaplanong gagawin para sa sektor ng edukasyon. May mga pagmomonitor din na nakapokus sa tinatawag na Drop-out Rate o bilang ng mga mag-aaral na di tinatapos ang panuruang taon at ang Cohort Survival Rate o bilang ng mga mag-aaral na di nakakatapos sa kani-kanilang programa (maaring elementarya, sekondarya at kolehiyo). Ang mga bilang na ito ay nagiging batayan ng mga pag-aaral na isasagawa ng mga ahensiya ng pamahalaan.

Maraming bansa sa Asya tulad ng Indonesia at Thailand ang regular na nagsasagawa ng ganitong pagmomonitor. May mga iba na ang tuon ay nasa Academic Achievement ng mga mag-aaral. Mayroon naman na ang pokus ay sa wika (language) at matematika. May mga bansa naman tulad ng Timog Korea at Hapon na ang pagbabagong pisikal ng mga mag-aaral ang minomonitor taun-taon.

B. Pagpili ng Wikang Panturo

May mga bansang Asyano na gumagamit ng wikang panturo na di katulad ng wikang sinasalita ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan. Maraming Asyanong bansa rin ang maingat na pinag-aaralan ang gagamiting wikang panturo lalo na sa mga nasa elementarya. Sa kaso ng Pilipinas ang patakaran sa Bilingual Education ay ipinatupad bilang pagtugon sa Art. XIV Sec 7 ng 1987 Saligang Batas.

Ayon sa 1987 Policy sa Bilingual Education (DECS no. 52 s. 1987) ang patakarang ito ay naglalayon na gawing magaling ang bawat Filipino sa paggamit ng Filipino at English sa lahat ng antas.

Samantala sa Bhutan at sa karamihan ng mga paaralang elementarya sa Singapore, ang wikang panturo ay English.

C. Suliranin ng mga Maliliit na Paaralan at Kakulangan ng Silid-Aralan

Ang kakulangan sa mga paaralan ay di lamang suliranin ng Pilipinas. Ito ay suliranin din ng maraming bansang Asyano. Maraming kadahilanan ang maiuugnay sa suliraning ito. Pangunahin na ang kakulangan ng pondo. Bagamat may mga bansang tulad ng Bhutan na dahilan sa bulubundukin ay may kakulangan sa paaralan dahil na rin sa uri ng kanilang kapaligiran. Ito ang pangunahing rason kung bakit siksikan ang mga paaralan dito lalo na sa antas ng elementarya.

Sa ilang isla naman ng Maldives na may konting populasyon, ang pamahalaan ay nagsasagawa ng natatanging pagsasanay para sa mga guro na maitatalaga sa mga islang ito.

D. Pagtuturo ng mga Special Subjects

Hindi mabilang na pag-aaral ang naisagawa na upang sukatin ang pang-akademikong kahusayan ng mga mag-aaral. Nakatutuwang banggitin na maraming Asyanong mag-aaral ang nagtamo ng mataas na antas ng kagalingan at kahusayan ayon na rin sa mga pag-aaral na ito.

Samantala, may mga Asyanong bansa rin naman ang nagbibigay diin sa pag-aaral ng mga natatanging asignatura. Sa Myanmar (Burma) ang pagtuturo ng sining, musika at palakasan ay labis na binibigyang-diin. Sa Korea ang mga paaralang primarya ay napakahusay sa pagtuturo ng katutubong sayaw. Halos lahat ng paaralang elementarya sa Asya ay nagbibigay ng atensyon sa pagtuturo ng kani-kanilang sining at kultura sa pamamagitan ng mga musika at sayaw. Sa Thailand at Pilipinas ang paggawa ng mga kagamitang ginagamitan ng mga katutubong materyales ay tinuturo din sa paaralan.

E. Pakikiisa ng mga Magulang

May mga ilang bansa din sa Asya na ang mismong pagpapagawa ng paaralan ay katulong at kabalikat ang mga magulang. Sa Burma at Bhutan ang mga malalaking bahay ay tinatayo ng mga lokal na residente upang gawing silid-aralan. Ganito din ang ginagawa sa ilang nayon ng Maldives. Noong 1970, ang UNICEF, ang kauna-unahang

international agency, ang nagbigay ng tulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng materyales sa pagtatayo ng paaralan sa Nepal.

F. Pagbabago ng Kurikulum

Lahat ng mga Asyanong bansa ay nagsagawa ng iba't ibang pagbabago sa kani-kanilang kurikulum. May mga ilang bansa ang nagtagumpay ngunit marami rin ang nakaranas ng sari-saring suliranin sa pagpapatupad ng kanilang kurikulum. Karamihan sa mga bansang Asyano ay may isang opisyal na kurikulum para sa kanilang bansa. Karamihan naman ng mga aklat ay isinusulat ng mga gurong may karanasan na sa pagtuturo ng elementarya at sekondarya. May ilan ding mga aklat na sinulat ng mga eksperto sa kani-kanilang asignatura at larangan.

Karaniwan ng suliranin sa pagpapatupad ng bagong kurikulum ay ang kakulangan ng impormasyon ukol dito. Kadalasang ito ang nagiging sagabal upang magtagumpay ang ano mang bagong kurikulum na ipinakikilala.

Ang Pilipinas ay isa sa mga Asyanong bansa na nanguna sa pagsasagawa ng pagbabago sa antas elementarya at sekondarya kung saan ang pagpili sa mga kagamitang panturo ay sinusubok at pinag-aaralan. Maging ang mga guro ay sinasanay sa pagbabagong ipapatupad. Sa kasalukuyan, maraming Asyanong bansa na ang nagsasagawa ng ganitong sistema kapag sila ay magbabago ng kurikulum.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Naniniwala ka ba na ang edukasyon ay isang karapatan at hindi isang pribelihiyo? Patunayan.




Tandaan Mo!

- May mga natatanging gawi sa larangan ng edukasyon sa bansang Asyano na tumatalakay sa aspeto ng:
 - Pagmonitor sa larangan ng edukasyon
 - Pagpili ng wikang panturo
 - Suliranin ng maliliit na paaralan at kakulangan ng silid aralan
 - Pagtuturo ng mga “Special Subjects”
 - Pakikiisa ng mga magulang
 - Pagbabago sa kurikulum




Gawain 3: Paglalapat


Punan ang speech balloon.



Para sa akin, mahalaga ang edukasyon dahil _____.



Sa pamamagitan ng napapanahong kaalaman, ako ay _____.



ARALIN 3

ANTAS NG KAMUWANGAN SA MGA BANSANG ASYANO



Batid ng mga Asyano na malaki ang bahaging ginagampanan ng edukasyon sa bilis o bagal ng kaunlaran ng rehiyon. Maraming bansang Asyano ang patuloy na nagsasagawa ng mga pagbabago sa sistema ng edukasyon nila upang makaagapay sa bilis ng modernisasyon at urbanisasyon. Sa kasalukuyan halos lahat ng mga bansang ito ay nakatuon sa pagpapahusay ng kanilang agham at teknolohiya. Hindi na sapat na marunong lang bumasa at sumulat ang mga mag-aaral. Nililinang na rin ngayon ang kakayahan ng mga mag-aaral na matutong magmasid, sumuri at maging produktibong bahagi ng lipunan.

Maraming bansang Asyano rin ang nagbibigay ng libreng pag-aaral sa antas elementarya at sekundarya. May ilan na maging kolehiyo ay libre na din. Maraming scholarship grants na nakalaan para sa mga natatanging mag-aaral.

Upang matugunan ang Globalisasyon, nagpapalitan ng mga scholars at guro ang mga bansa. May mga pagsasanay din na isinasagawa para sa mga guro upang maturuan silang gumamit ng iba't ibang istratehiya upang mapabuti ang pagtuturo na di maglalaon ay siyang magdadala ng kaunlaran sa bansa.

Subalit ang tunay na susi sa pagiging matagumpay ng anumang programa sa edukasyon ay nakasalalay sa pagkakaisa at pagtutulungan ng lahat ng sektor ng pamahalaan, pamunuan ng paaralan, mga guro, mga magulang, at higit sa lahat ay ang mga mag-aaral.



Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makagagawa ng mga sumusunod:

1. Mabibigyang kahulugan ang antas ng kamuwangan bilang isang pangunahing batayan sa pagkilala ng isang bansa; at
2. Mapapatunayang may kaugnayan ang pondong inilalaan ng pamahalaan sa magiging antas ng kamuwangan ng mga mamamayan nito.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ibigay ang kahulugan:

1. Antas ng Kamuwangan
2. Gross National Product

ANTAS NG KAMUWANGAN NG MGA BANSANG ASYANO

REHIYON	BANSA	Public Expenditure on Education as their % of the Nation's Gross National Product	KAMUWANGAN
SILANGANG ASYA	CHINA	2.3	81.5%
	JAPAN	6.8	99%
	NORTH KOREA	N/A	99%
	SOUTH KOREA	3.7	98%
	MONGOLIA	N/A	82.9%
	TAIWAN	N/A	94%
TIMOG-KANLURANG ASYA	BAHRAIN	N/A	85.2%
	ISRAEL	7.6	95.5%
	JORDAN	6.8	86.6%
	KUWAIT	5	78.6%
	LEBANON	2.5	86.4%
	OMAN	4.5	80%
	QATAR	N/A	79.4%
	SAUDI ARABIA	7.5	62.8%
	SYRIA	3.1	70.8%
	TURKEY	2.2	82.3%
	UAE	1.8	79.2%
	IRAN	4	72.1%
	YEMEN	7	38%
	AFGHANISTAN	N/A	31.5%
IRAQ	N/A	58%	
HILAGANG ASYA	ARMENIA	2	99%
	AZERBAIJAN	3.0	97%
	GEORGIA	5.2	99%
	KAZAKHSTAN	4.4	98%
	KYRGYZTAN	5.3	97%

	TAJIKISTAN	2.2	98%
	TURKMENISTAN	4.3	98%
	UZBEKISTAN	7.7	99%
TIMOG ASYA	BANGLADESH	2.2	38.1%
	BHUTAN	N/N	42.2%
	INDIA	3.2	52%
	NEPAL	3.2	27%
	MALDIVES	N/A	93.2%
	PAKISTAN	2.7	37.8%
	SRI LANKA	3.4	90.2%
TIMOG- SILANGANG ASYA	BRUNEI	N/A	88.2%
	CAMBODIA	2.9	35%
	INDONESIA	1.4	83.8%
	LAOS	N/A	57%
	MALAYSIA	4.9	83.5%%
	PHILIPPINES	3.4	94.6%
	SINGAPORE	3	91.1%
	THAILAND	4.8	93.8%
VIETNAM	3	93.7%	

* N/A - not available

REF: *World Education Encyclopedia 2nd edition*

A Survey of Educational System Worldwide

By Rebecca Marion Ferguson 2002

PEE - inilalahad ito bilang porsyento % ng GNP ng bansa o kabuuang halaga ng produksyon ng bansa.

- ginagamit na batayan ng pagpapahalagang binigay ng bansa sa sektor ng edukasyon.

Kamuwangan - kakayahan ng isang tao na magsulat at magbasa kahit simpleng bagay na hinggil sa pang-araw-araw na buhay nila.

Sa lahat halos ng mga bansa, ang edukasyon ay nakaplano upang tuparin ang tatlong pangunahing layunin:

A. Isang pangunahing pangangailangan ng tao

B. Isang pamamaraan upang matugunan ang iba pang pangunahing pangangailangan ng tao

C. Isang gawaing magpapatatag at magpapaangat ng kabuhayan at kaunlaran ng bansa.

Sa kasalukuyan batid na ng mga bansang Asyano na dapat na silang maglaan ng sapat na pondo para sa edukasyon. Hindi ito isang madaling gawain ngunit sa sama-samang pagpapalano ng pamahalaan at mga mamamayan unti-unti na ring mararating ng mga bansang ito ang mataas na antas ng kamuwangan. Sa bandang huli ang kaalaman at kamuwangang natamo ang siya ring magiging pundasyon ng katatagan at kaunlaran ng mga bansa sa pagharap nito sa mabilis na pagdaloy ng modernisasyon at globalisasyon.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman
Punan ang tsart.

REHIYON NG ASYA	Bansang May Pinakamataas na Antas ng Kamuwangan	Bansang May Pinakamababang Antas ng Kamuwangan
TIMOG-KANLURAN		
TIMOG-SILANGAN		
TIMOG		
HILAGA		
SILANGAN		



Tandaan Mo!

- Kamuwangan – kakayahan ng isang tao na magsulat at magbasa kahit simpleng bagay hinggil sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay.
- Public Expenditure on Education – inilalahad bilang porsyento % ng GNP o Kabuuang Produksyon ng Bansa at ginagamit ding batayan ng pagpapahalagang ibinigay ng bansa sa sektor ng edukasyon.
- Ang mga bansa sa Asya na may pinakamataas na antas ng kamuwangan ay ang Japan, North Korea, Armenia, Georgia, at Uzbekistan na nagtala ng 99%.
- Samantala, ang bansa sa Asya na nakapagtala ng pinakamababang antas ng kamuwangan na umabot lamang sa 27.5% ay ang Nepal.



Gawain 3: Paglalapat

Gamit ang talahanayan, patunayan na may kinalaman ang pondong inilalaan ng pamahalaan sa sektor ng edukasyon sa antas ng kamuwangan ng mga mamamayan.



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- ◆ Malaki ang bahagi ng mga aral ni Confucius sa sistema ng edukasyon sa Asya.
- ◆ Ayon kay Confucius, ang sistema ng edukasyon sa Asya ay nagbibigay-diin sa:
 - pagsasama-sama o collectivism
 - ispiritwal na pag-unlad
 - kabutihang-asal
- ◆ May mga natatanging gawi sa larangan ng edukasyon sa bansang Asyano na tumatalakay sa aspeto ng:
 - Pagmonitor sa larangan ng edukasyon
 - Pagpili ng wikang panturo
 - Suliranin ng maliliit na paaralan at kakulangan ng silid aralan
 - Pagtuturo ng mga “Special Subjects”
 - Pakikiisa ng mga magulang
 - Pagbabago sa kurikulum
- ◆ Kamuwangan – kakayahan ng isang tao na magsulat at magbasa kahit simpleng bagay hinggil sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay.
- ◆ Public Expenditure on Education – inilalahad bilang porsyento % ng GNP o Kabuuang Produksyon ng Bansa at ginagamit ding batayan ng pagpapahalagang ibinibigay ng bansa sa sektor ng edukasyon.
- ◆ Ang mga bansa sa Asya na may pinakamataas na antas ng kamuwangan ay ang Japan, North Korea, Armenia, Georgia, at Uzbekistan na nagtala ng 99%.
- ◆ Samantala, ang bansa sa Asya na nakapagtala ng pinakamababang antas ng kamuwangan na umabot lamang sa 27.5% ay ang Nepal.



PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:

A. Ibigay ang kahulugan.

1. edukasyon
2. cohort survival rate
3. drop-out rate
4. academic achievement
5. antas ng kamuwangan

B. Isa-isahin.

I. Paglalarawan na binigay ni Confucius sa sistema ng edukasyon

- 1.
- 2.
- 3.

II. Mga Natatanging Gawi sa Larangan ng Edukasyon sa Asya

- | | |
|----|----|
| 1. | 4. |
| 2. | 5. |
| 3. | 6. |

III. Ibigay ang mga bansang may pinakamataas na naitalang antas ng kamuwangan.

- | | |
|----|----|
| 1. | 4. |
| 2. | 5. |
| 3. | |

IV. Magbigay ng 5 bansang nakapagtala ng pinakamababang antas ng kamuwangan.

- | | |
|----|----|
| 1. | 4. |
| 2. | 5. |
| 3. | |



GABAY SA PAGWAWASTO: